# PMTG binuo para ihatid ang 'Serbisyong Gob. Egay sa Barangay'

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 1, BLG. 4 DAET, CAMARINES NORTE AGOSTO, 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado

**nasa loob**

EDITORYAL 4
TRAVELLER'S BLOG 5

Isa sa mga prayoridad ng administrasyon ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ay ang mailapit sa mga mamamayan ang mga serbisyo, programa at proyekto ng pamahalaang panlalawigan, lalo na iyong nakatira sa mga malalayong barangay.

Dahil dito, binuo kamakailan ng gobernador ang *Provincial Mobilization Task Group (PMTG)* na pinamumunuan niya bilang *overall chairman* kasama ang iba pang opisyal nito na sina: PB Alberto G. Ramos - *Provincial Executive Coordinator*; PB Deogracias B. Odiver – *Asst. Provincial Executive Coordinator*; Nesmarie P. Palmero – *Provincial Secretary*, at Elmer J. Barrameda – *Provincial Staff (Chairman-Committee on Media Communications)*.

Ang mga lehitimong reklamo at/o problema ng mga taga-barangay ay maaari nilang idulog sa *PMTG* na nasasaklaw ng hurisdiksyon at responsibilidad nito. Dito rin nila maaaring ipaabot ang kanilang kahilingan para mabigyan sila ng mga kaukulang serbisyong pansosyal, pang-medikal, pang-imprastraktura, at iba pa.

Upang matiyak na magiging mabilis, maayos at sistematikong maibibigay ng *PMTG* ang 'Serbisyong Gob. Egay sa Barangay', nagtalaga ng mga *municipal coordinators* sa 12 bayan ng lalawigan na hinati sa 2 distrito, *District I (Tagalog-Speaking Towns)* at ang *District II (Bicol Speaking Towns)*.

Kaugnay nito, nahirang na *chairman* ng *District I* si LNB Grace R. Villablanca ng Jose Panganiban na siya ring *PMTG Provincial Chairman, Committee on Agriculture.* Tumatayong *vice chairman* niya si PB Salvador T. Heraldo ng Paracale na *Vice Chairman* naman ng *Committee on Health*. Ang mga miyembro nito ay sina PB Tomasito V. Sargento (Sta. Elena) -*Vice Chairman, Committee on Tourism;* PB Deogracias B. Odiver (Labo)-*Chairman, Committee on Infrastructure,* at Teofilo S. Diodola (Capalonga)-*Vice Chairman, Committee on Agriculture.*

Itinalaga namang *Chairman* ng *District II* si PB Jonas A. Abanto ng Mercedes na tagapamuno

*(Sundan sa pahina 7)*







***Ang Provincial Mobilization Task Group (PMTG) "in action". Ang PMTG ay matatagpuan sa harapan ng tanggapan ni Gob. Egay Tallado sa kapitolyo kung saan ang kaagad-agad na pagpapaabot ng mga hinaing at iba pang problemang idinudulog ng mga mamamayan ng lalawigan sa tanggapan ng gobernador.***

# 70 OSYs sa unang batch ng EDPDOSY magtatapos sa Oktubre 22;

## pangalan nila ilalagay sa Philjobnet (DOLE) para sa posibleng trabaho




Pitumpung (70) mahihirap subalit karapat-dapat na mga *out-of-school youths (OSYs)* ang mga benepisyaryo ngayon at kasalukuyang kumukuha ng iba't-ibang kursong bokasyonal sa ilalim ng *Educational Development Program for Deserving Out-of-School Youth (EDPDOSY)* ng Pamahalaang Panlalawigan.

Sa naturang bilang, dalawampu't- lima (25) ang kumukuha ng *Shielded Metal Arch Welding NC 1*; 25 naman ang piniling kumuha ng *Building Wiring Installation NC II* sa *Provincial Training Center-Camarines Norte (PTC-CN)* na matatagpuan sa Iberica, Labo na pinangangasiwaan ng *Technical Education Skills Development Authority (TESDA)*. Ang natitira namang 20 ay kumukuha ng *hairdressing* at *beauty care* sa Sta. Elena College, Sta. Elena na isa sa mga *Technical Vocational Education Providers (TVEPs)* na rehistrado sa *TESDA*.

Ang naturang programa ay ipinatupad ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa ilalim ng administrasyon ni Gobernador Edgardo A. Tallado. Layunin nito na ang mga mahihirap subalit magagaling at karapat-dapat na *OSYs* sa lalawigan ay matulungan na maiangat ang antas ng kanilang pamumuhay at maging produktibong mamamayan ng lalawigan.

*(Sundan sa pahina 2)*


# CNPJ inmates binigyan ng libreng-gupit

Bilang paunang gawain sa nalalapit na pagdiriwang ng *National Correctional Consciousness Month* sa darating na Oktubre 2010, ang mga detenido sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)* ay binigyan ng libreng gupit sa loob ng 5 araw, simula Hulyo 19-23, 2010. Ito ay isinagawa ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Custodial and Security Services Division (PCSSD)* na nangangasiwa ng naturang panlalawigang piitan.

Kaugnay nito, humigit- kumulang sa 60 mga detenido ang nabigyan ng libreng gupit sa pamamagitan ng libre at boluntaryong serbisyong ipinagkaloob sa kanila ni Otchie Tolentino at iba pa. Matatandaan din na si Tolentino ay makailang beses nang nakatulong ng *PCSSD* sa regular na proyekto nitong libreng-gupit.

Layunin ng naturang gawain na mabigyan ng maayos na serbisyong penal ang mga kababayan nating nakakulong na walang pagkakataon na gawing presentable ang kanilang mga pisikal na aspeto o ang tinatawag nating *"good grooming"*.

Dahil dito, malinaw na naipadama sa lahat ang tunay at payak na paglilingkod ng ating bagong administrasyon tungo sa maayos na serbisyo-publiko sa pamamagitan nang mas pinaaga at pinaayos na pagpapatupad ng mga programa nito na tumutugon sa pangangailangan ng mga detenido sa *CNPJ* Isa rin itong patunay na hindi kailangang magkaroon ng okasyon upang maranasan ng mga preso ang mga katulad na serbisyo mula sa pamahalaan at mga pribadong indibidwal na naglilingkod na walang hinihintay na kapalit.



***Ang mga nagbigay ng libreng gupit sa mga detenido ng CNPJ kasama si OIC Prov'l. Warden Rey Pajarillo at SG V Dion Rasco.***

Ipinaabot naman ni *Acting Provincial Jail Warden* Reynaldo N. Pajarillo, R. Cr. at ng buong pamunuan ng *Office of the Governor (G.O.)-PCSSD* ang kanilang lubos na pasasalamat sa mga kaibigan at organisasyong patuloy na tumutugon sa simpleng pangangailangan ng a-ting mga preso. Hinikayat din nila ang lahat na ipagpatuloy ang ganitong mga pagkakawanggawa at pagdamay para sa ating mga kaibigan na nasa loob ng piitan. ***( PCSSD-CNPJ)***

# 70 OSYs sa unang batch ...

***(Mula sa pahina 1)***

Kaugnay ng bagay na ito, nakipag-ugnayan si Gob. Tallado kay *PTC-CN Administrator, Engr.* Eduardo B. Bonagua upang maging katuwang sa implementasyon nito. Hiniling din niya kay Admin. Bonagua na magamit ang kanilang mga pasilidad, *equipments* at iba pang kakailanganing *tools* sa panahon ng pagsasanay *(training)* ng mga nabanggit na *vocational scholars*. Ang pamunuan din ni Admin. Bonagua ang siyang mangangasiwa sa pagtaya, pagsubaybay at pag-isyu ng *Certificate of Training* sa mga kwalipikadong makapagtatapos dito.

Sa ilalim ng programa, ang mga *OSYs* ay bibigyan ng pamahalaang panlalawigan ng tulong-pinansyal sa pamamagitan ng pagbabayad nito sa *training expenses* ng bawat iskolar at pagbibigay sa kanila ng libreng uniporme, *insurance premiums,* at iba pang gastusin hanggang makapagtapos sila ng kursong bokasyonal.

Ang mga *OSYs* na makapagtatapos na ay tutulungan din na agarang makakuha ng trabaho sa pamamagitan ng pagtatala ng kanilang pangalan sa *National Manpower Registry of Skills* at paglagay ng kanilang pangalan at/o *bio-data* sa *Phil-Jobnet*, isang *automated job placement and referral system* ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* na pinangangasiwaan ng *Public Employment Service Office (PESO)*. Sila ang magiging *priority list* na mga aplikante at pangunahing ii-endorso sa mga ahensiya o kompanya na nangangailangan ng kanilang kasanayan *(expertise)*.

Ang naturang 70 *OSY scholars* ay kabilang sa humigit-kumulang na 300 *OSYs* na nakaprogramang kuning iskolar ngayong taon. Si *PESO Manager* Ms. Nida N. Tosoc na nangangasiwa sa *screening* at *evaluation* ng mga kwalipikadong aplikante para maging iskolar ay *statistician III* sa *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na pinamumunuan ni Arch. Madonna A. Abular.

Matatandaan din na naglaan si Gob. Tallado ng kaukulang pondo para sa mga *OSYs* ngayong taong 2010 para sa mga kursong *Computer Hardware Servicing, Metal Arc Welding, Building Wiring Installation, Automotive Servicing, Baking Pastry Production* at *Hairdressing*.

Ang unang grupo *(batch)* ng *(EDPDOSY)* na nagsimulang pumasok noong Hulyo 14, 2010 ay magtatapos sa darating na Oktubre 22, 2010. ***MARILYN P. ASIS***

# Children/Youth Assembly & Congress idinaos; saloobin at pananaw ng mga kabataan sa mga isyung panlipunan nalahad sa Children's Statement na kanilang binuo

Ang mabigyan ng oportunidad na makalahok sa ilang isyung panlipunan ay isa sa mga karapatan ng mga kabataan na nakasaad sa *United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC)*. Lahat ng kabataan ay may karapatan na magkaroon ng partisipasyon sa loob ng kanilang pamilya, paaralan, at pamayanan. Karapatan nilang maipahayag ang kanilang saloobin, prinsipyo at paniniwalang panrelihiyon, makakuha ng wastong impormasyon, masabi ang kanilang opinyon, at mabigyang-pagpapahalaga. Karapatan din nila na bumuo ng samahan at ang kanilang pinagsamasamang tinig at saloobin ay iparinig at iparating sa mga kinauukulan.

Ang Pamahalaang Panlalawigan sa ilalim ng administrasyon ni Gobernador Edgardo A. Tallado ay aktibong sinusuportahan at isinusulong ang karapatang ito ng mga kabataan maliban sa iba pa. Isa sa mabisang paraan para maibigay ito sa kanila ay ang pagdaraos ng *children/youth assembly and congress* kung saan sila ay makapagpapalitan ng ideya, makapagbabahagi ng mga karanasan at kaalaman, at mailahad/mailatag ang mga isyu at usapin na kinakaharap ng mga kabataan ngayon.

Ang naturang aktibidad na pinangasiwaan ng *Provincial Communication Task Force (PCTF)* ay bahagi pa rin ng implementasyon dito ng *Sixth Country Programme for Children (CPC 6)*.

Isinagawa sa unang araw ang *congress/assembly proper* na dinaluhan ng mga kinatawan ng iba't-ibang samahan tulad ng mga batang manggagawa *(child laborers), IP youth/children*, at mga kinatawan ng Sangguniang Pampaaralan/ *Child and Youth Organizations* at *out-of-school youths (OSYs)*. Naging tagapagsalita rito si Nimfa E. Camara, *statistician IV* ng PPDO na tinalakay ang *Overview of Child Rights and Millennium Development Goal*, at *Situation of Women and Children of Camarines Norte*; *Child Participation -Social Welfare Officer II* Cynthia dela Cruz, at *Environmental Health*– Milave Schneider at Marino Abogado ng *Provincial Health Office (PHO)*.

Sa bahagi ng mga pagtalakay, ang *Workshop on Children Issues and Concerns* ay pinangasiwaan nina *Asst. PPDC* Elena B. Austria at *Project Development Officer II* Dina G. Baleza ng *PPDO*. Dito ibinahagi ng mga kabataan ang mga isyu o problema na sa kanilang kaalaman at karanasan ay kinakaharap din ng mga kabataang katulad nila.

Binigyang-pansin naman sa ikalawang araw ang mga isyung pangkalusugan at pangkapaligiran kung saan ang paksang *Health and Nutrition (Handwashing, Toothbrushing and Personal Hygiene)* at *HIV/AIDS* ay tinalakay nina Mr. Abogado at Ms. Schneider. Isinagawa rin dito ang *workshop* ukol sa mga paksang kanilang tinalakay gayundin ang presentasyon ng *output*/ resulta. Tinalakay naman ni *PSEMO Chief* Arnel Ferrer ang paksang *Environmental Awareness.*

Samantala, nagkaroon din ng *break-out group workshop* kung saan hiningi ang opinyon at ideya ng mga kabataan ukol sa nakikita nilang mga kakulangan o mga suliranin sa mga impormasyong pangkalusugan, paano sila makatutulong upang maipaabot ang mga impormasyong/kaalamang pangkalusugan, at anumang aktibidad o programa ang maaaring gawin ng kanilang mga samahan sa paaralan at/o komunidad para makatulong.

Ang pagtalakay naman ng *Children's Statement* ay pinangasiwaan ni *APPDC* Austria na ginabayan ang mga kabataang kalahok sa pagbuo nito. Nakapaloob dito ang pinagsamasamang saloobin ng mga kabataan ng lalawigan mula sa iba't-ibang antas ng lipunan na kanilang kinabibilangan.

Magkakaroon ng *finalization workshop* ng *Children's Statement* na dadaluhan ng mga piling kinatawan ng mga dumalong kabataan sa katatapos na *Children's Congress.* ***LT IBASCO***

# Different Committees of the Honorable Sanggunian

**Committee on Finance & Appropriations**
***Chairman:*** -Hon. Ruth F. Herrera
***Vice-Chairman:*** -Hon. Rodolfo V. Gache
***Members:*** -Hon. Teresita DL. Malubay,
Hon. Gerardo G. Qiuñones,
Hon. William Carlo R. Avila,
Hon. Mark Julius D. Litana,
Hon. Joeffrey B. Pandi,
Hon. Bernadette E. Asutilla,
Hon. Edgar E. Dasco,
Hon. Godfrey A. Parale,
Hon. Romeo R. Marmol,
Hon. Ligaya L. Pedron,
Hon. Erwin L. Lausin

**Committee on Ways & Means**
Chairman: -Hon. Gerardo G. Quiñones
Vice-Chairman -Hon. Ruth F. Herrera
Members: -Hon. Joeffrey B. Pandi,
Hon. William Carlo R. Avila,
Hon. Erwin L. Lausin,
Hon. Godfrey A. Parale,
Hon. Edgar E. Dasco,
Hon. Bernadette E. Asutilla,
Hon. Teresita DL. Malubay

**Committee on Women & Family**
Chairman: -Hon.Teresita DL. Malubay
Vice-Chairman: -Hon. Edgar E. Dasco
Members: -Hon. Ruth F. Herrera,
Hon. Godfrey A. Parale,
Hon. William Carlo R. Avila,
Hon. Bernadette E. Asutilla,
Hon. Ligaya L. Pedron

**Committee on Education & Culture**
Chairman: -Hon. Teresita DL. Malubay
Vice-Chairman: -Hon. Ruth F. Herrera
Members: -Hon. Romeo R. Marmol,
Hon. Joeffrey B. Pandi,
Hon. Erwin L. Lausin,
Hon.Godfrey A. Parale,
Hon. Edgar E. Dasco,
Hon. Gerardo G. Quiñones,
Hon. Rodolfo V. Gache,
Hon. William Carlo R. Avila,
Hon. Mark Julius D. Litana

**Committee on Agriculture & Natural Resources**
Chairman: -Hon. Romeo R. Marmol
Vice-Chairman: -Hon. Edgar E. Dasco
Members: -Hon. Rodolfo V. Gache,
Hon. Mark Julius D. Litana,
Hon. Gerardo G. Quiñones,
Hon. Teresita DL. Malubay,
Hon. Bernadette E. Asutilla,
Hon. Godfrey A. Parale,
Hon. Joeffrey B. Pandi,
Hon. Ruth F. Herrera,
Hon. Ligaya L. Pedron

**Committee on Ecology & Enviromental Protection**
Chairman: -Hon. Joeffrey B. Pandi
Vice-Chairman: -Hon. Gerardo G. Quiñones
Members: -Hon. Erwin L. Lausin,
Hon. Teresita DL. Malubay,
Hon. Bernadette E. Asutilla,
Hon. William Carlo R. Avila,
Hon. Rodolfo V. Gache,
Hon. Ruth F. Herrera,
Hon. Godfrey A. Parale

**Committee on NGOs & COOPs**
Chairman: -Hon. Rodolfo V. Gache
Vice-Chairman: -Hon. Erwin L. Lausin
Members: -Hon. Teresita DL. Malubay, Hon. Romeo R. Marmol,
Hon. Gerardo G. Quiñones,
Hon. Ruth F. Herrera,
Hon. Edgar E. Dasco,
Hon. Bernadette E. Asutilla,
Hon. William Carlo R. Avila

**Committee on Public Utilities**
Chairman: -Hon. Rodolfo V. Gache
Vice-Chairman: -Hon. Gerardo G. Quiñones
Members: -Hon. Teresita DL. Malubay, Hon. Ruth F. Herrera,
Hon. Godfrey A. Parale,
Hon. Edgar E. Dasco,
Hon. Bernadette E. Asutilla,
Hon. William Carlo R. Avila,
Hon.Erwin L. Lausin

**Committee on Provincial Planning & Infrastructure**
Chairman: -Hon. Edgar E. Dasco
Vice-Chairman: -Hon. Gerardo G. Quiñones
Members: -Hon. Ligaya L. Pedron,
Hon. Romeo R. Marmol,
Hon. Ruth F. Herrera,
Hon. Erwin L. Lausin,
Hon. Teresita DL. Malubay,
Hon. William Carlo R. Avila,
Hon. Joeffrey B. Pandi

**Committee on Health & Sanitation/ Social Services**
Chairman: -Hon. Ruth F. Herrera
Vice-Chairman: -Hon. Teresita DL. Malubay
Members: -Hon. Gerardo G. Quiñones,
Hon. William Carlo R. Avila,
Hon. Rodolfo V. Gache,
Hon. Joeffrey B. Pandi,
Hon. Bernadette E. Asutilla,
Hon. Erwin L. Lausin,
Hon. Edgar E. Dasco,
Hon. Godfrey A.Parale,
Hon. Ligaya L. Pedron

**Committee on Justice & Good Government**
Chairman: -Hon. Godfrey A. Parale
Vice-Chairman: -Hon. Rodolfo V. Gache
Members: -Hon. Edgar E.Dasco,
Hon. Erwin L. Lausin,
Hon. Gerardo G. Quiñones,
Hon. Bernadette E. Asutilla,
Hon. Teresita DL. Malubay,
Hon. William Carlo R. Avila,
Hon. Ligaya L. Pedron,
Hon. Ruth F. Herrera,
Hon. Joeffrey B. Pandi

**Committee on Rules**
Chairman: -Hon. Joeffrey B. Pandi
Vice-Chairman: -Hon. Godfrey A. Parale
Member: -Hon. Teresita DL. Malubay,
Hon. William Carlo R. Avila,
Hon. Rodolfo V. Gache,
Hon. Ruth F. Herrera,
Hon. Ligaya L. Pedron

**Committee on Peace & Order**
Chairman: -Hon. Romeo R. Marmol
Vice-Chairman: -Hon. Edgar E. Dasco
Members: -Hon. Mark Julius D. Litana
Hon. Gerardo G. Quiñones
Hon. Teresita DL. Malubay

**Committee on Tourism**
Chairman: -Hon. Ligaya L. Pedron
Vice-Chairman: -Hon. Joeffrey B. Pandi
Members: -Hon. Gerardo G. Quiñones
Hon. Mark Julius D. Litana
Hon. Rodolfo V. Gache
Hon. William Carlo R. Avila
Hon. Ruth F. Herrera
Hon. Godfrey A. Parale
Hon. Edgar E. Dasco
Hon. Erwin E. Lausin
Hon. Teresita DL. Malubay

**Committee on Trade and Industry**
Chairman: -Hon. Erwin L. Lausin
Vice-Chairman: -Hon. Ligaya L. Pedron
Members: -Hon. Joeffrey B. Pandi
Hon. Godfrey A. Parale
Hon. Rodolfo V. Gache
Hon. Teresita DL. Malubay
Hon. Gerardo G. Quiñones

**Committee on Barangay Affairs**
Chairman: -Hon. William Carlo R. Avila
Vice-Chairman: -Hon. Joeffrey B. Pandi
Members: -Hon. Mark Julius D. Litana
Hon. Erwin L. Lausin
Hon. Godfrey A. Parale
Hon. Ligaya L. Pedron
Hon. Rodolfo V. Gache
Hon. Ruth F. Herrera
Hon. Teresita DL. Malubay

**Committee on Youth & Sports**
Chairman: -Hon. Mark Julius D. Litana
Vice-Chairman: -Hon. Erwin L. Lausin
Members: -Hon. Romeo R. Marmol
Hon. Gerardo G. Quiñones
Hon. William Carlo R. Avila
Hon. Rodolfo V. Gache
Hon. Edgar E. Dasco
Hon. Joeffrey B. Pandi
Hon. Bernadette E. Asutilla
Hon. Godfrey A. Parale
Hon. Ruth F. Herrera
Hon. Teresita DL. Malubay
Hon. Ligaya L. Pedron

**Committee on Municipal Councilors' Affairs**
Chairman: -Hon. Bernadette E. Asutilla
Vice-Chairman: -Hon. Teresita DL. Malubay
Members: -Hon. Erwin L. Lausin
Hon. Godfrey A. Parale
Hon. Edgar E. Dasco
Hon. Rodolfo V. Gache
Hon. William Carlo R. Avila

**Committee on Urban Poor**
Chairman: -Hon. Edgar E. Dasco
Vice-Chairman: -Hon. Godfrey A. Parale
Members: -Hon. Rodolfo V. Gache
Hon. Romeo R. Marmol
Hon. Ligaya L. Pedron
Hon. Gerardo G. Quiñones
Hon. Ruth F. Herrera
Hon. William Carlo R. Avila
Hon. Joeffrey B. Pandi

**Committee on Labor & Employment**
Chairman: -Hon. Godfrey A. Parale
Vice-Chairman: -Hon. Ruth F. Herrera
Members: -Hon. Edgar E. Dasco
Hon. Erwin L.Lausin
Hon. Gerardo G. Quiñones
Hon. Teresita DL. Malubay
Hon. Rodolfo V. Gache
Hon. Romeo R. Marmol
Hon. Ligaya L. Pedron
Hon. William Carlo R. Avila
Hon. Joeffrey B. Pandi

**DISTRICT ASSIGNMENTS**

| | |
|---|---|
| BASUD - - - - - - - | Hon. Gerardo G. Quiñones |
| CAPALONGA- - - | Hon. Godfrey A. Parale |
| DAET- - - - - - - - - | Hon. Ruth F. Herrera |
| J. PANGANIBAN - | Hon. Erwin L. Lausin |
| LABO - - - - - - - - - | Hon. Teresita DL. Malubay |
| MERCEDES- - - - | Hon. Godfrey A. Parale |
| PARACALE- - - - - | Hon. Edgar E. Dasco |
| S. L. RUIZ- - - - - - | Hon. Romeo R. Marmol |
| SAN VICENTE- - - | Hon. Rodolfo V. Gache |
| SANTA ELENA- - | Hon. Joeffrey B. Pandi |
| TALISAY- - - - - - - | Hon. Ligaya L. Pedron |
| VINZONS- - - - - - | Hon. Rodolfo V. Gache |

# Bagong opisyales ng MATPAI nanumpa sa tungkulin

Ang *Matacong Agro-Tree Planters Association, Inc. (MATPAI)* ay naghalal ng mga bagong opisyales pagkatapos ng kanilang pulong na ginanap sa *Resettlement Area*, Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz, Camarines Norte noong Agosto 19, 2010.

Sa paanyaya ng pangulo ng samahan, ito ay pinangasiwaan nina Rafael Violeta ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* at Christopher T. Obra ng *Governor's Office-Ecosystem and Environmental Resource Management Division (G.O.-EERMD)* na siya ring nangasiwa sa daloy ng nasabing pulong.

Ang mga bagong nahalal na opisyales ay ang mga sumusunod: *President* - Alex Medollar; *Vice - President* - Adeloide Barrios, Jr.; *Secretary* - Daisy Conda; *Treasurer* - Yaneza Ibias, *Business Manager* - Nila Recamara at Jomar Medina; *PIO* - Hermogenes Bon, Jr.; *Sergeant -at-Arms* - Eddie Fernandez at Antonio Bon, Muse - Pilar Oloya, at *Adviser* - Jose Sergio.

Sa isang simpleng programa bago idinaos ang halalan, naging madamdamin ang mga salitang binitiwan ng kasalukuyang pangulo na si Jose "Boy" Sergio. Sinabi niya na sa loob ng 12 taon niyang panunungkulan bilang pangulo ng samahan, hindi niya malilimutan ang napakaraming tulong na ipinagkaloob ng pamahalaang panlalawigan sa kanilang samahan na nakatulong sa pagpapaunlad ng kanilang kabuhayan at sa pagpapanumbalik ng nawalang kagubatan. Kitang-kita ang napakagandang bunga ng pagtutulungan ng bawat kasapi ng samahan sa mga programa at proyektong ng dinala ng pamahalaang panlalawigan sa kanilang lugar, dagdag pa ni Sergio. Nagpasalamat din si Sergio sa lahat ng miyembro ng *MATPAI* dahil sa kooperasyong ibinigay sa kanya sa panahon ng kanyang panunungkulan bilang pangulo ng samahan.

Maaalalang ang MATPAI ay naging katuwang ng Pamahalaang Panlalawigan sa pagpapatupad ng *Sustainable Upland Management Strategy Project (SUMSP)* sa *Resettlement Area*, Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz, ilang taon na ang nakararaan. ***(GCB)***




# EDITORYAL

## Pagbibigay-Homework sa Mag-aaral, dulot ay study habit, kaya't di dapat tanggalin ng DepEd

Ang bagong patakaran ng Kagawaran ng Edukasyon na huwag bigyan ng mga takdang-aralin ó *homework* ang mga mag-aaral ay isang hakbang na paurong sa larangan ng edukasyon sa bansa.

Sa ganang amin, dapat ibasura kaagad ang kautusang ito upang hindi magdulot ng masamang epekto sa mga mag-aaral tulad ng kapabayaan at kawalan ng *study habit*.

Ang mga takdang-aralin na ibinibigay sa mga estudyante ay isang paraan at malaking tulong upang lalong magsikhay ang mga kabataan sa pag-aaral at upang mas matandaan at makapagsanay sila sa mga bagong itinuro sa kanila ng mga guro. Sa panahong ito na napakabilis ng pag-usad ng karunungan ang kailangan ay mas pinag-ibayong sipag sa pag-aaral ng leksyon at hindi ang bawasan pa ang oras na nakalaan para rito. Kung ipatutupad ang bagong patakaran, mas malululong ang mga kabataan sa maling paggagamitan ng kanilang panahon na dapat sana ay nakalaan sa pag-aaral.

Kung paiiralin ang bagong patakaran, mas mapag-iiwanan pa tayo at hihinang lalo ang kalidad ng edukasyon. Sana, huwag nang pakialaman ang isang bagay na hindi naman dapat kumpunihin. *"If it ain't broken, don't fix it,"* 'ika nga ng mga Kano.

Isa pa, mabisang *bonding* din sa magulang at anak ang paggawa ng *homework*. Di ba, napakagandang pagmasdan na magkatulong ang anak at magulang sa paggawa ng *assignment*? At iyan din naman ang gustong mangyari ng Kagawaran ng Edukasyon ng Pilipinas – ang tumibay ang bonding sa pagitan ng magulang at anak?

Para sa editoryal, malaking pagkakamali ang ginawang patakaran na ipagbawal ang *assignment* tuwing *week-ends*.

# Moral-Pandi ng Camarines Norte MRS. UNIVERSE INTELLIGENCE

Naiuwi ng ating kababayan, at maybahay ni Bokal Joeffrey B. Pandi na si *Mrs. Universe Philippines* Maria Muriel 'Lala' Moral-Pandi ang *Mrs. Intelligence title* sa *2010 Mrs. Universe Pageant and Contest* na may temang:*"Women of the World Against Violence and Human Trafficking"* na ginanap sa *Vilnius, Lithuania (Eastern Europe)* noong Agosto 21, 2010. Ito ang kauna-unahang pagkakataon na iginawad ang *intelligence title* sa isang *major international beauty competition*.

Tinalo niya ang 25 *national beauty queens* mula sa iba't-ibang panig ng mundo sa bahagi ng *pageant's round table panel discussion* na inorganisa at sinuportahan ng *Lithuania's Ministry of Foreign Affairs*. Hinangaan siya ng mga hurado dahil sa kanyang mahusay at kumprehensibong pagsagot sa mga katanungan ukol sa *human trafficking problems and situations* sa Pilipinas, Lithuania, at buong mundo man kung saan nagbigay siya ng mga patunay (*facts*), numero (*figures*), estadistika (*statistics*), at iba pa.

Hindi naman ito nakapagtataka dahil siya ay nagtapos sa elementarya at hayskul bilang balediktoryan ng Colegio del Santisimo Rosario sa Libmanan, Camarines Sur noong 1976 at 1981. Nagtapos siya ng *Bachelor of Science in Civil Engineering (BSCE)* sa *University of Nueva Caceres (UNC)-Naga City* noong 1985, at isa ng *licensed civil engineer*.

Matatandaan na si Maria Muriel 'Lala' Moral ay nanalong *1988 Binibining Pilipinas-Maja International* sa *1988 Binibining Pilipinas Beauty Pageant*. Bilang kinatawan ng bansa sa *1988 Miss Maja International Beauty Pageant* sa Bayamon, Puerto Rico, nag-uwi siya ng karangalan sa bansa ng mapanalunan niya ang titulong *Best in National Costume*, at tanghaling *Miss Maja Simpatica*.

Maliban sa mga nabanggit, si Moral ay nanalong *Miss UNC Friendship 1983* sa *1983 Miss UNC Friendship Beauty Pageant*; at naging *1st runner-up* sa: *1985 Miss UNC Coed Beauty Pageant*; *1987 Miss Bicolandia Beauty Pageant*, at naiuwi ang *Miss Sarong Bangui 1987 Award*, at sa *1987 Miss Philippine Eagles Beauty Pageant* kung saan nakuha rin niya ang *Miss Onapal 1987 Award*.

Sa kasalukuyan, si Moral-Pandi na 46 taong gulang at naninirahan sa Labo, Camarines Norte ay balik na muli sa kanyang normal na buhay na bahay-negosyo-bahay kasama ang kanyang asawang si Bokal Pandi at dalawang anak na sina Joram at Jarred na 13 at

(Sundan sa pahina 7)





**Si Maria Muriel Moral-Pandi (may bilog) kasama ang iba pang mga kalahok sa 2010 Mrs Universe Pageant and Contest na ginanap sa Vilnius, Lithuania kung saan siya ay nagwagi ng Mrs. Intelligence sa naturang patimpalak. Si Muriel ang kauna-unahang ginawaran ng naturang titulo. Si Muriel ay kabiyak ni Sangguniang Panlalawigan Member Joeffrey B. Pandi ng Labo, Cam. Norte.**

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

**EDITORS:** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

**OFFICIAL PHOTOGRAPHER** – Luigi Martin P. Querubin.

**CIRCULATION** - Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.— Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pangalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.




## Ang alamat ng aking hardin

by Atty. Debbee Francisco

*Batu-bato sa langit, ang tamaan ay 'wag magagalit. .. Pero kung ang batong tatama sa akin ay katulad ng mga batong matatagpuan sa Pambuhan River sa Brgy. Pambuhan, Basud, e hindi ako magagalit kundi matutuwa pa ako!*

Minsan, nangarap akong i-*landscape* ang hardin ni Mama kaya pumunta ako sa Brgy. Pambuhan, Basud na halos isang oras ang biyahe mula sa bayan ng Daet. Nagdala ako ng isang *pick-up* para mas maraming mahakot na bato. Dumaan muna kami sa sentro ng bayan ng Basud, pagkatapos ay lumiko pakaliwa sa may *junction* at saka dumiretso hanggang makarating sa Mangcamagong *Beach*. Nagpahinga kami ng konti saka bumili ng inihaw na *hotdogs*, kumuha ng *pictures*, at nagtampisaw sa beach. Pagkatapos, biyahe na uli kami hanggang makarating sa pinakadulo – ang Barangay Pambuhan kung saan matatagpuan ang Pambuhan *River*.


Pagkababa pa lamang sa sasakyan ay namangha na ako sa linaw ng tubig ng ilog! *Super*-linaw na kitang-kita ang mga bato sa ilalim nito. Parang nai-*imagine* ko nga ang *Greek God* na si Adonis na nagsasalamin sa ilog na ito. Ngunit hindi ang kanyang *super* guwapong mukha ang nakaakit sa kanyang paningin at pansin kundi ang makukulay at naggagandahang bato ng Pambuhan *River*. Ano kaya ang kanyang naramdaman?

Napatunayan ko na tama nga ang nababalitaan ko. Kakaiba nga talaga ang mga batong makikita sa Pambuhan *River*. Maaari kang mamili mula sa batong kulay- gray, *light pink, peach, rose pink, bronze*, *orange* at *white rocks.* May iba't-ibang hugis at laki rin ang mga bato na kakaiba ang pagkakinis. Hindi magaspang ang mga bato kaya hindi pwedeng gamitin bilang panghilod dahil hindi makatatanggal ng mga dumi! .. *Perfect* silang *paper weight* o' kaya ay *decorative garden rocks.*

Ewan ko ba kung bakit napakaswerte ko nang araw na iyon dahil napakaganda ng *sunset* noon. *Picture perfect* ang *setting sun with matching mountains* sa *background*. Kaya naman kahit ayaw kong maligo dahil nakita kong may dumaang dalawang kalabaw, ewan ko ba kung bakit tila nahipnotismo ako at bigla akong napalubog sa tubig. Inisip ko na lamang na kaya nga tinawag na *river* ay dahil umaagos ang tubig, at malamang ang dumi ng mga kalabaw ay inanod na rin, he-he-he. *Wish* ko lang!

Pagkatapos maligo, kumuha ako ng walong bato mula sa Pambuhan *River*. Gamit ang *snowpake*, bawat isa ay sinulatan ko ng mga salitang - *peace, love, hope, serenity, health, friends, faith*, *family* at *simplicity*; at saka ko inilagay sa isang *tray* na gawa sa *clay*... *Voila*! *Instant rock garden* sa aking silid na maaari kong sulyap-sulyapan upang magpaalala sa mga bagay na importante sa akin.

Paano na kamo ang hardin ni Mama? Ay, ibang bato na lang ang ilalagay ko roon... Basta ang walong bato ng Pambuhan ay aalagan ko katulad ng isang hardin ng buhay ko.. . *Thanks to you*, Pambuhan *River.*



# Mga paligsahan isinagawa sa Buwan ng Wika, mga nanalo inihayag

Taun-taon ay ipinagdiriwang sa buong bansa ang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto. Bilang pakikiisa rito, ang Atas Tagapagpaganap Blg. 2010-24 ay ipinalabas ng Tanggapan ng Punong Lalawigan na nag-aatas sa lahat ng mga tanggapan, kawanihan, kagawaran at ahensiya ng pamahalaan, sa lahat ng pribadong tanggapan at lahat ng paaralan sa buong lalawigan ng Camarines Norte na gamitin ang Wikang Filipino, ang ating wikang pambansa, sa lahat ng opisyal na mga transaksyon, sulat at korespondensya sa selebrasyon ng Buwan ng Wika simula Agosto 1-31, 2010. Ang tema ng okasyon ngayong taon ay: "*Wikang Pambansa: Mahalagang Sangkap sa Panahon ng Pagbabago*".

Isinasagawa ito ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte at ng Sangay ng Museo, Sinupan at Panulukan sa layuning patuloy na malinang, mapalawak at mapayabong ang kulturang Pilipino sa pamamagitan ng Wikang Pambansa. Kabilang din dito ang hangarin na taun-taong sariwain ang naging papel ng Wikang Pambansa sa paghubog ng kasaysayan ng nagkakaisang lahing Pilipino.

Kaugnay nito, iba't-ibang paligsahan ang idinaos ng nabanggit na tanggapan na nilahukan ng mga mag-aaral sa elementarya at sekondarya. Layunin nito na maitanghal at mas mapaunlad pa ang talento at galing ng mga kabataan dito sa iba't-ibang sangay ng wika.

Sa paligsahan sa

(Sundan sa pahina 7)



*Si Thea G. Paje kasama ang kanyang Coach na si Mrs. Martinez nang manalo siya sa Paligsahan sa Maikling Pagkukuwento kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika rito sa lalawigan. Kasama niya sa larawan sina Museum Curator I Abel C. Icatlo (dulong kanan), at ang mga nagsilbing hurado na sina Konsehal Sherwin Asis ng Daet, Engr. Benny Elevado at Romy Rellermo ng PEO (mula kaliwa-kanan).*

# Pagsasanay ukol sa *LGU Planning and Budgeting* idinaos

Sa pakikipagtulungan ng *Association of Local Budget Officers of Region V (ALBOREV)*, nagsagawa ang *Department of Budget and Management (DBM)* ng isang pagsasanay hinggil sa *LGU planning and budgeting.*

Ginanap ito sa *Hotel Dolor*, Daet, Camarines Norte noong Agosto 3-5 2010 at dinaluhan hindi lamang ng mga *budget* at *planning officers* kundi maging ang mahigit 100 na mga opisyal at kawani mula sa iba't-ibang *local government units (LGUs)* ng lalawigan.

Dumalo rin sa naturang pagsasanay ang ilang halal na opisyal na kinabibilangan nina *Mayor* Dominador Mendoza ng Sta. Elena, *Mayor* Agnes Ang at *Vice Mayor* Augorio Guinto ng Vinzons. Lumahok din sa aktibidad ang ilang mga kagawad mula sa iba't-ibang pamahalaang lokal sa lalawigan.

Layunin ng nasabing gawain na maragdagan ang kaalaman ng mga opisyal at kawani ng mga pamahalaang lokal patungkol sa mga prosesong nakapaloob sa paghahanda ng badyet. Tinalakay rin dito ang mga probisyong nakapaloob sa pagpapatupad ng *Salary Standardization Law.*

Naging panauhing tagapagsalita rito ang mga kawani mula sa

(Sundan sa pahina 7)

*Si Ms. Estela Adorna habang nagbibigay ng reaksyon sa isinagawang pagsasanay ukol sa LGU Planning & Budgeting na idinaos sa Hotel Dolor dito sa Daet na dinaluhan ng mga budget at planning officers mula sa iba't-ibang LGUs dito sa lalawigan.*



# Dialogue with the inmates isinagawa

## proseso para mapabilis ang pag-usad ng mga kaso sentro nito

Pagpasok pa lamang ng 3rd quarter (Hulyo-Setyembre) ng taong kasalukuyan ay nagkaroon na ng pagbabago sa pamunuan ng *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)*.

Ito ay kasunod nang pagpapalabas ni Gobernador Edgardo A. Tallado ng Memorandum Blg. 100625-03 na nagtalaga kay Reynaldo N. Pajarillo, *R.Cr.* bilang *Acting Warden* at *PCSSD Chief*. Ang nasabing kautusan ay ipinalabas ni Gob. Tallado susog sa nauna ng resolusyon ng *Civil Service Commission Regional Office V (CSC RO5*) na nagpapawalang-bisa sa *appointment* ni Col. Ramon P. Dominguez (Ret.) bilang *provincial warden* ng *CNPJ -Provincial Custodial and Security Services Division (CNPJ-PCSSD)*.

Sa ilalim ng pamumuno ni *APW* Pajarillo, napagpasiyahan niyang ipatupad ang mga programang pangkabuhayan para mapaunlad ang antas ng kabuhayan ng mga bilanggo sa kabila ng kanilang pananatili sa loob ng piitan.

Nangunguna sa mga prayoridad ni *APW* Pajarillo ang mapabilis ang proseso sa pagbaba ng mga hatol sa mga kaso ng bawat preso. Kaugnay nito, inilunsad ng kanyang pamunuan ang isang dayalogo sa mga preso ng *CNPJ* kamakailan. Dinaluhan ito ni *Executive Judge* Arniel Dating ng *Branch 40-41*, Regional Trial Court (RTC) kasama sina *Atty.* Mike Pajarillo, pangulo ng *Integrated Bar of the Philippines-Camarines Norte Chapter (IBP CN)*.

Tinalakay rito ang mga tamang hakbang na dapat gawin para mapabilis ang pagbaba ng hatol sa mga kaso ng mga detenido. Hinikayat din ni Judge Dating si APW Pajarillo na magtalaga ng isang kawani na maghahatid ng mga impormasyon at *updates* tungkol sa mga usapin ukol sa serbisyong penal para sa mga *inmates* at magkaroon ng regular na ugnayan sa pagitan ng RTC at mga nakapiit na-ting kababayan.

Idinagdag din ni Hukom Dating na maaaring makapag-piyansa ang isang akusado sa mga araw ng Sabado at Linggo, kapag mahina ang ebidensya laban sa kanya. Ngunit hindi pwedeng magpiyansa ang sinumang akusado kapag lumabas na matibay ang kaso laban sa kanya.

Ang mga akusado na pansamantalang nakalalaya dahil sa piyansa at patuloy na dinidinig ang kaso, dapat nilang gawin ang mga sumusunod: 1) pagdalo sa bawat pagdinig *(hearing)*; 2) regular na makipag-ugnayan sa abogado; 3) alamin ang hatol o sentensya, at 4) sa oras na masintensyahan, laging ipagbigay-alam sa kinauukulan kung ilang taon makukulong. Ipinaalam din ni Hukom Dating na sa loob ng 3 hanggang 4 na buwan ay may 10 *court trials* sa *RTC Branch 40-41*. Ipinaalam din niya na ang kanilang tanggapan ay nagbibigay ng isang (1) araw na *mediation* sa pagitan ng akusado at biktima sa loob ng bawat tatlong buwan.

Hinikayat rin niya ang mga detenido na sumulat sa kanya, siguruhin na lamang na nakalagay sa liham ang kani-kaniyang *case number* at mga mahahalagang impormasyon at detalye na makatutulong sa mabilis na pag-usad ng kaso.

(Sundan ang karugtong sa Oktubre 2010)





***Nagsasalita si Executive Judge Arniel A. Dating ng RTC Branches 40-41 sa ginanap na "Dialogue with the Inmates" sa Camarines Norte Provincial Jail. Kasama niya rito sina Atty. Mike Pajarillo, Pangulo ng Integrated Bar of the Philippines—CN Chapter, at Actg. Prov'l Warden Reynaldo N. Pajarillo habang nakikinig ang mga inmates.***

# 7 nominado sa YFFTPJ sumailalim

## screening at examination

Nagkaroon ng *screening* at pagsusulit para sa mga nominado sa *Young Filipino Farmers Training Program in Japan (YFFTPJ)* noong ika-17 ng Agosto 2010 na ginanap sa *Camarines Norte Provincial Library (CNPL), Provincial Capitol*, Daet. Ito ay isinagawa sa pangunguna ni Gng. Ellen Villareal ng Kagawaran ng Pagsasaka, Rehiyon 5, San Agustin, Pili, Camarines Sur.

Sa pakikipag-ugnayan ng mga kinauukulang kawani ng *Office of the Provincial Agricultural turist (OPAg)* sa mga kabataang aplikante, pito (7) sa kanila ang nagkwalipika at binigyan ng pagsusulit. Ito ay kinabibilangan nina ay Caro Mercedes, Jayson Omerez, Basud; Norvin Samudio, Norma Samudio, Daet; Daryl Pagadora, Alvin Camoñas, Labo; at Manuel Odi, Vinzons.

Ang mapipili sa kanila ay makasasama sa *selection process* na isasagawa ng Rehiyon 5 kung saan ang dalawang (2) mangunguna rito ang siyang ii-indorso ng *Regional Committee* sa *National Selection Committee* sa Manila.

Ayon kay Gng. Irene Olivar ng *OPAg*, ang programang ito ay naglalayon na ang mga kabataan ay mabigyan ng kaalamang-teknikal sa agrikultura, at pamamahala ng isang kooperatiba. Layunin nito na ang mga kalahok ay magkaroon ng oportunidad na makapagpalitan ng mahahalagang impormasyon at karanasan, at pagkakataon na maipakilala sa mga kabataang Pilipino ang katangi-tanging *work values* ng mga Hapon.

Ang *YFFTPJ* ay mayroong apat na bahagi na kinabibilangan ng mga sumusunod:

1. ***Home Stay Module:*** Isinasagawa ito sa loob ng 60 araw sa ilalim ng pamamatnubay ng *YFFTPJ graduates*. Ito ay kinapapalooban ng iba't-ibang gawain sa pagsasaka, pagdalaw sa mga sakahan at institusyon at pagtuturo ng salitang Nihonggo.

2. ***Pre-Departure Orientation Course:*** Ito ay 75-araw na pagsasanay na kinapapaloo-ban ng iba't-ibang asignatura ukol sa pagtatanim ng palay, gulay, pag-aalaga ng baboy at baka, *farm business planning, farm mechanization*, pag-aaral sa paggamit ng *computer*, kurso sa kultura at tradisyon ng mga Hapon gayundin ang kultura, sining at musika ng Pilipinas.

3. ***Training Proper in Japan:*** Ito ay 11 buwan na *on-farm training* sa bansang Hapon sa ilalim ng gabay at pangangalaga ng *Japanese Host Farmer*.

4. ***Post Training and Evaluation:*** Ito ay 5 araw na pagsasanay ukol sa *Volunteerism, People-Centered Development, Orientation on Agricultural and Fishery Councils, Project Proposal Preparation*, at *Entrepreneurship*.

Sa mga nagnanais na lumahok sa nasabing programa, kailangan na ang aplikante ay hindi nag-aaral sa panahon ng

*(Sundan sa pahina 7)*

# 1,203 bd. ft. na kahoy nakumpiska sa 2-araw na anti-illegal logging activities

Ang magkasanib na pwersa ng *Philippine National Police (PNP), Labo Police Station; Philippine Army (PA)* na nakatalaga sa Brgy. San Antonio, Labo; mga tauhan ng tanggapan ng *Community Environment and Natural Resource Office (CENRO), Camarines Norte Water District (CNWD), Ecosystem and Environmental Resource Management Division-Governor's Office (EERMD -GO)*, mga opisyales ng Brgy. Baay, Labo, at mga kasapi ng *Wildlife Enforcement Officers (WEOs)* sa Brgy. Tulay na Lupa, Labo ay nagsagawa ng 2-araw na operasyon upang hulihin ang mga iligal na pumuputol ng kahoy sa *Abasig Matogdon Mananap Natural Biotic Area* at karatig na kagubatan nito noong Agosto 17-18, 2010.

Sa unang araw ng nasabing operasyon, ang grupo ay nakakumpiska ng 10 piraso ng Bagtikan at Marang na may iba't-ibang sukat at may kabuuang dami na 355 *board feet*. Ang mga ito ay natagpuang nakatambak sa masukal na bahagi ng Purok 6, Brgy. Baay.

Nang sumunod na araw, sa nabanggit ding barangay, 18 piraso naman na may iba't-ibang sukat at kabuuang dami na 848 *board feet* ang natagpuang nakatambak na natatakpan ng dahon ng niyog sa gilid ng *Labo River*. Ang mga nasabing kahoy ay abandonado at hindi matukoy kung sino ang may-ari.

Sa pamamagitan ng mga *WEOs*, ang mga kahoy ay hinakot sa isang lugar sa may Purok 5 kung saan ito ay

*(Sundan sa pahina 7)*

## SP Press Corps ...

*(Mula sa pahina 8)*

mula sa konseho. Sa pamamagitan nito, ang *media* ay maituturing na kaakbay ng *SP* sa pagbibigay ng serbisyo-publiko.

Ang hakbanging ito ng bise gobernador ay nakakuha naman ng positibong reaksyon mula sa mga kasapi ng *media* na kumakatawan sa Radyo ng Bayan, *PBN-DZMD*, *Bay Radio*, *DWAT*, *Star*/ Remate/*Patrol Bicol*, *CNTV*, *STV-6*, *Dbridge News*, *Hello Bicol*, *Dateline*, at *Philippine Information Agency (PIA) Provincial Office*.

Ilan sa mga mahahalagang bagay na napagkasunduan sa nasabing *SP Press Corps* ay ang mga sumusunod: pagbibigay ng espasyo sa *SP Session Hall* para sa mga miyembro ng *media* at libreng paggamit nila ng telepono samantalang hindi pa nagkakaroon ng sariling gusali ang SP kung saan paglalaanan sila ng *media booth*; pagbibigay sa *media* ng kopya ng *agenda*, *Committee Report*, at *Minutes of Sessions*; pag-imbita sa *media* sa lahat ng aktibidad ng *SP* tulad ng *ocular inspection* at *site visitation*; pagsasahimpapawid ng *SP session* sa Radyo ng Bayan; *full access to SP records thru LTS facility*, atbp.

Sa pagtatapos ng pulong, pinasalamatan ni Bise Gob. Pimentel ang lahat ng dumalo at hinikayat silang maging malaya sa pagpuri gayundin sa pagbatikos sa kanya kung kinakailangan. **(JOSEPHINE Q. BADONG)**

## PMTG binuo ...

*(Mula sa pahina 1)*

rin ng *Committee on Tourism*. Napiling *vice chairman* nito si PB Manuel P. Obusan ng Vinzons na *chairman* din ng *Committee on Health* kasama ang mga miyembro nito na sina: PB Arnulfo M. Ocan ng Daet-*Chairman, Committee on Education;* PB Winston N. Factor ng San Lorenzo Ruiz, *vice chairman, Committee on Education;* PB Jose Z. Girado ng San Vicente, *chairman, Committee on Sports;* PB Rocel R. Samonte ng Basud, *vice chairman, Committee on Sports;* PB Carmelo Z. Ybarola ng Talisay, *chairman, Committee on Social Services*.

Ang 'Serbisyong Gob. Egay sa Barangay' ay ipinatutupad susog sa pananaw ni Gob. Tallado na dapat pagtuunan ng atensyon at serbisyo ang mga barangay na pinakamaliit na yunit ng pamayanan. Gayunman, malaki ang papel na ginagampanan nila sa paghahatid sa mga mamamayan ng mga programa at proyekto ng pamahalaan at pribadong sektor man. Mahalaga rin ang kontribusyon nila sa paghikayat sa mga mamamayan na sumuporta at makilahok sa iba't-ibang gawain sa pamayanan tungo sa paghubog ng isang maunlad at mapayapang pamayanan, at bansa sa kabuuan. ***LT IBASCO***

## 1,203 bd.ft. ...

*(Mula sa pahina 6)*

ikinarga sa trak ng Pamahalaang Panlalawigan, at saka dinala sa *Provincial Motorpool* sa Brgy. Sto. Domingo, Vinzons para sa kaukulang kustodiya at pangangalaga.

Ayon sa impormasyong nakalap ng grupo, ang mga nasabing kahoy ay pinutol sa dating konsesyon ng *Sta. Cecelia Sawmill, Inc.*, *Camarines Norte Mahogany Co. Inc.*, Herederos de Don Juan del Gallego at *Republic Hardwood, Inc.* sa *triboundary* ng Camarines Sur, Camarines Norte at Quezon. Ito ay tinatayang humigit-kumulang sa 15 kilometro ang layo sa Brgy. Baay, Labo.

Ang nasabing operasyon ay bahagi ng programa ni Gobernador Edgardo A. Tallado na mapangalagaan ang mga natitira pang likas na yaman ng lalawigan tulad ng mga kagubatan na walang pakundangang inaabuso ng ilan para sa kanilang pansariling kapakanan. **(GCB)**

## Programang Pailaw...

*(Mula sa pahina 8)*

kanilang marubdob na hangaring maipatupad ang mga programa at proyektong nakalaan para sa mga mamamayan ng Camarines Norte.

Matatandaan na una na nilang binisita ang mga barangay ng Exciban at San Antonio sa bayan ng Labo noong ika-27 ng Hulyo 2010 sa pamumuno ni Bise Gob. Pimentel kasama ang mga bokales sa unang distrito na sina BM Tess Malubay, Erwin Lausin, Joeffrey Pandi, at Godfrey Parale.

Sa pangunguna pa rin ni Bise Gob. Pimentel, dinalaw ng grupo ang mga barangay ng Bibirao at Dogongan, Daet at ang Brgy. Aguit-it, Vinzons kasama ang mga bokales ng pangalawang distrito na sina Dra. Ruth Herrera; Pol Gache; Romeo Marmol; Ligaya Pedron; at Gerry Quiñones.

Sa magkaibang pagkakataon, nakasama rin nila sa pagbisita ang mga *Board of Directors (BODs)* ng *CANORECO* na sina Dir. Henry Zano at Dir. Alex Bardon. Sumama rin sa pagbisita ang ilang mamamahayag sa lalawigan.

Lubos namang nasiyahan at nagpasalamat ang mga residente sa mga naturang lugar na siyang direktang makikinabang sa nasabing proyektong pailaw gayundin ang kani-kanilang *barangay councils*. Tinatayang agad na mapasisimulan at matatapos ang proyekto ngayong Agosto o' Setyembre 2010. **(JOSEPHINE Q. BADONG)**

## Mga paligsahan...

*(Mula sa pahina 5)*

Maikling Pagkukuwento na ginanap noong Agosto 17, 2010 sa *Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd Floor Annex, Provincial Capitol*, nanalo ang mga sumusunod: Thea G. Paje ng *La Consolacion College of Daet (LCCD)*-unang puwesto at premyong P1,200.00; Roxette Raya Tanzo ng *Chung Hua High School (CHHS)*-ikalawang puwesto at premyong P800.00, at Melody B. Salina ng *San Felipe Elem. School (SFES)*-ikatlong puwesto at gantimpalang P600.00. Nagsilbing tagapagsanay nila sina Gng. Emmarosa Martinez; G. Benjamin Nudo, at Gng. Merly Quiñones, ayon sa pagkakasunod.

Idinaos naman noong Agosto 19 sa katulad na lugar ang *Balagtasan* para sa mga mag-aaral sa elementarya kung saan ang unang puwesto at premyong P1,200.00 ay naiuwi ng grupo nina Lorence Ramos, Nico Cruz at Rogen Dayon ng *Talisay Elem. School (TES)*. Nakuha naman nina Kyle Romano, Angelica Dones at Kristine Manalo ng *Jose Panganiban Elem. School (JPES)* ang ikalawang puwesto at gantimpalang P800.00. Ang ikatlong puwesto at P600.00 ay naiuwi naman nina Hazel Heraldo, Bernadette Manumbas at Jan Ramos ng *Paracale Elem. School (PES)*. Naging tagapagsanay nila sina Gng. Lucy T. Abiera; Gng. Odessa Mago; at Bb. Cherry S. Vera, ayon sa pagkakasunod.

Sa Madulang Sabayang Pagbigkas na idinaos noong Agosto 24 sa harapan ng Museo Bulawan sa Kapitolyo Probinsyal, nanguna ang *San Roque National High School (SRNHS)* na naiuwi ang premyong P3,000.00. Ang ikalawa at ikatlong puwesto ay nakuha ng *Jose Panganiban National High School (JPNHS)* at *Mabini Colleges (MC)* na tumanggap ng tig-P2,000.00, at P1,000.00, ayon sa pagkakasunod. Nagsilbing tagapagsanay ng *SRNHS* si Bb. Ma. Teresa B. Cootauco; Gng. Cynthia Barja, Ma. Lanie Daza at Jocelyn Caballero para sa *JPNHS,* at G. Ernesto M. Obing para sa *MC*.

Ang nasabing mga paligsahan ay pinangasiwaan ng Sangay ng Museo, Sinupan at Panulukan na pinamumunuan ni *Museum Curator I* Abel C. Icatlo. *AIDA PANDEAUGUA, GO-MASCD/lt ibasco*

## Moral-Pandi...

*(Mula sa pahina 4)*

7.5 taong gulang, ayon sa pagkakasunod.

Ipinahayag ni Moral-Pandi na marahil ay kapalaran talaga niya ang manalo sa *2010 Mrs. Universe Pageant and Contest* dahil hindi siya nagpadala ng aplikasyon kay *Mrs. Universe 2010 Philippines Directress* Camilla Kim Galvez *(Mrs. Universe 2nd Runner-Up 2009)* para sumali kundi ang kanyang kapatid na si Don. At mula sa may 70 nag-aplay rito, siya ang napiling *Mrs. Philippines Universe 2010*, at siyang kumatawan sa bansa sa nasabing *2010 Mrs. Universe Pageant and Contest*. *"And the rest is history"*, ika nga. ***LT IBASCO***

## Pagsasanay...

*(Mula sa pahina 5)*

*DBM Region V* na sina Letty Imperial, Arlene E. Nacianceno at Joy Balute kasama ang kanilang hepe na si Lito Ross, *Chief, Budget and Management Specialist, DBM Division* C.

Ang nabanggit na 2-araw na pagsasanay ay naisakatuparan dito sa pamamagitan ng *Camarines Norte Budget Officers League (CANBOL)* na naging punong abala sa pag-imbita at paghahanda ng pasilidad. Ito ay sa pangunguna ng pangulo nito na si Gng. Concepcion S. Palma, *Municipal Budget Officer* ng *LGU* San Vicente. **EPAdorna**

## 7 nominado...

*(Mula sa pahina 6)*

kanilang pag-aplay, lalaki, walang asawa, 20-26 taong gulang, nakatapos ng *high school* o *college level*, walang trabaho maliban sa pagsasaka, at may sariling lupang sinasaka.

Para sa iba pang dokumento at kinakailangang papeles kaugnay ng aplikasyon sa nasabing programa, maaaring makipag-ugnayan kay Gng. Irene Olivar ng *OPAg* o sa mga kawani ng *Municipal Agricultural Offices (MAOs)* sa inyong lugar.

Inaasahan na mas marami pang kabataan ang mahihikayat na makilahok sa programa at matulungang umasenso sa larangan ng pagsasaka. ***(MELINDA L. JEREZ)***

## Sagip-Batang ...

*(Mula sa pahina 8)*

kailangan itong baguhin, at upang mapaalalahanan din ang mga kasapi nito sa kani-kanilang gawain at tungkulin sa pagbibigay-proteksyon sa mga kabataang manggagawa.

Dumalo rin at naging *resource person* dito si *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas ng *Office of the Governor-CAO/SSWDSD*, kung saan tinalakay niya ang dalawang nabanggit na batas. Maaalaalang si Gng. Briñas ay dati na ring kasapi ng grupong ito nang siya ay nasa *Provincial Prosecution Office (PPO)* pa samantalang *focal point* ito ng nasabing ahensiya sa usapin ng *child labor, child trafficking* at iba pang *child protection concerns*.

Inaasahang sa pagbabalik-tanaw sa mga nasabing batas at mga kasunduan, muling magiging masigla ang pagkilos at pagtutulungan sa pagitan ng bawa't ahensiya. ###



Gob. Edgardo A. Tallado

# Programang Pailaw sa ilang barangay nakatakdang ipatupad

Kung gaano kahalaga ang tubig sa tao ay gayundin naman ang elektripikasyon sa kanilang buhay.

Pagkalipas ng mahaba-habang panahong paghihintay, ang dating pangarap at minimithing elektripikasyon ay naaaninag na at halos abot-kamay na ng mga residente ng Purok 4 sa Brgy. Dogongan, Daet; Purok 4 Brgy. Bibirao, Daet; Purok 1 Brgy. Aguit-it, Vinzons; P-2, Brgy. Exciban, Labo, at; P-3 at 5, Brgy. San Antonio, Labo.

Ito ay makaraang paglaanan ito ng pondo sa ilalim ng *Supplemental Budget No. 4* kung saan inaprobahan ang kanilang pondo na nagkakahalaga ng tig-P520,000.00; P1.5M; P1.5M; P2,150,000.00; at P1,400,000.00, ayon sa pagkakasunud-sunod.

Ang naturang programang pailaw sa barangay ay itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan sa ilalim ng pamumuno ni Gobernador Edgardo A. Tallado, at ng Sangguniang Panlalawigan sa pangunguna ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel kasama ang buong Sanggunian, at sa pakikipag-ugnayan sa *Camarines Norte Electric Cooperative (CANORECO)* na siyang magbibigay ng tulong-teknikal.

Kaugnay pa rin sa hangarin ng bagong pamunuan ng Sangguniang Panlalawigan na mailapit ang Pamahalaang Panlalawigan sa mga mamamayan, minarapat ng konseho na magsagawa ng *"site visitation"* sa mga nabanggit na lugar. Ito ay sa layuning personal na ipaalam sa mga residente ang

(Sundan sa pahina 7)

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 1, BLG. 4 DAET, CAMARINES NORTE AGOSTO, 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com






*Pinangunahan ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel ang pagbisita ng Sangguniang Panlalawigan sa Brgy. Bibirao na kabilang sa mga unang benepisyaryo ng Proyektong Pailaw sa Barangay na itinaguyod ni Gob. Egay Tallado.*

# Sangguniang Panlalawigan Press Corps itinatag

Isa sa mga pangunahing hakbang ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel sa kaniyang pag-upo bilang Pangalawang Punong Lalawigan ay ang pagtatatag ng *Sangguniang Panlalawigan* (SP) *Press Corps*.

Kaugnay nito, noong ika-12 ng Hulyo 2010 ay inimbitahan niya ang mga mamamahayag sa lalawigan upang pormal na itatag ang *SP Press Corps*. Naniniwala si Bise Gob. Pimentel na ang *print and broadcast media* ay mayroong mahalagang papel na ginagampanan sa pagkakaroon na matatag na pamayanan.

Sa pamamagitan ng naturang grupo, ang mga mamamahayag dito ay malayang makakukuha at makapagbibigay ng tamang impormasyon sa publiko gayundin upang magsilbing tagapabanta sa mga pagkilos ng SP alinsunod sa *transparency rule*.


Idinagdag pa ni Bise Gob. Pimentel na magiging polisiya niya ang mabigyan ang grupo ng *media* ng *access* sa lahat ng mga gagawin at aktibidad ng Sanggunian. Dahil dito, ang pagdaraos ng lahat ng sesyon ay magiging bukas sa kanila maliban lamang sa ilang kontrobersyal na usapin na may kaugnayan sa seguridad. Ang layunin nito ay upang magkatulungan at magkaroon ng tamang koordinasyon ang dalawang institusyon upang malayang maiparating ng *media* sa publiko ang tamang impormasyon na nagmu-

(Sundan sa pahina 7)

# Sagip-Batang Manggagawa Quick Action Team pinasiglang muli








*Sina PFO Ruben Romanillos at Ms. Cecille Andalis ng DOLE nang binigyan nila ng token of appreciation si Gng. Purita P. Briñas bilang resource person. Dumalo rin dito si 2nd Asst. Prov'l Pros. Elvis P. Nonato na aktibong nakilahok sa nasabing gawain.*

Isinagawa noong 24 Agosto 2010 ang isang oryentasyon tungkol sa *Republic Act 9231* na mas kilala bilang *Anti-Child Labor Act*, at *Republic Act 9208* ó ang *Anti-Trafficking in Persons Act* na nakatuon sa mga miyembro ng *Anti-Child Labor Program Committee* ó mas kilala bilang "Sagip Batang Manggagawa *Quick Action Team* (SBM QAT)" na pinangungunahan ni *Provincial Field Officer* Ruben L. Romanillos, at ginanap sa *Provincial Field Office* ng *Department of Labor & Employment* dito sa Daet, upang pasiglahing muli ang grupo.

Ang mga nagsipagdalo na kasapi ng nasabing komite ay binubuo ng *Provincial Prosecution Office* (PPO), *Philippine Information Agency* (PIA), *National Statistics Office* (NSO), *Philippine National Police* (PNP) at iba pang *law enforcement agencies* sa lalawigan, *Provincial Health Office* (PHO), *Department of Education* (DepEd), *Provincial Social & Welfare Development Office* (PSWDO), *Municipal Social & Welfare Development Office* (MSWDOs) ng bayan ng Paracale, Jose Panganiban at Labo sa lalawigang ito, kabilang din ang mga *non-government organizations* (NGOs) tulad ng *Socio-Pastoral Action Center Foundation, Inc.* (SPACFI) at *World Vision*.

Sa nasabing gawain, ilinahad at binalikan ni Bb. Cecille Andalis ng *DOLE* ang una nang *memorandum of understanding* na pinirmahan ng nasabing mga ahensiya, humigit-kumulang 6 taon nang nakalilipas at kanilang tiningnan kung

(Sundan sa pahina 7)